


Isang Praymer

ANO ANG RCEP?

Bakit tutol dito ang mga magsasaka,
mangingisda, manggagawa at maliliit
na negosyante



**TRADE JUSTICE
PILIPINAS**




Photo: Government of Singapore.

ISANG PRAYMER

ANO ANG RCEP?

Bakit tutol dito ang mga Magsasaka, Mangingisda, Manggagawa at Maliliit na Negosyante

Ang **RCEP** o **Regional Comprehensive Economic Partnership Agreement** ay isang kasunduan para sa malayang kalakalan at pamumuhunan sa pagitan ng sampung bansang kumakatawan sa ASEAN, ang samahan ng mga karatig nating mga bansa sa Timog Silangang Asya (Brunei, Cambodia, Indonesia, Laos, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand, at Vietnam) at 5 bansa (China, Japan, South Korea, Australia, at New Zealand) na itinuturing ng ASEAN na kanyang mga katuwang sa pag-unlad.

TIMELINE NG NEGOSASYON

Taong 2012 nang inilunsad ang negosasyon para sa RCEP. Ang unang round ay naganap sa bansang Brunei noong Mayo 2013. Dumaan ito sa 31 rounds ng negosasyon, ilang high-level ministerial meetings, at tatlong pulong ng mga lider ng mga bansang kasapi. Natapos ang

negosasyon noong 15 Nobyembre 2020. Mga pulong na naganap sa Pilipinas:

- Nobyembre 2016: Ministerial Meeting sa Cebu
- Mayo 2017: Ika-18 na Round ng Negosasyon sa Maynila
- Setyembre 2017: Ministerial Meeting sa Maynila
- Nobyembre 2017: Leaders' Summit sa Maynila

At sa kabila ng pandemyang COVID-19, ipinagpatuloy ang mga negosasyon at mga pagpupulong sa pamamagitan ng mga virtual o online na pamamaraan: Abril 2020: Ika-29 na Round ng Negosasyon

- Abril 2020: Ika-29 na Round ng Negosasyon
- Mayo 2020: Ika-30 na Round ng Negosasyon
- Hunyo 2020: Ministerial Meeting
- Hulyo 2020: Ika-31 na Round ng Negosasyon
- Agosto 2020: Ministerial Meeting
- Oktubre 2020: Ministerial Meeting
- Nobyembre 2020: Ministerial Meeting na sinundan ng Leaders' Summit at Signing Ceremony

Ano ang SAKLAW O SCOPE NG KASUNDUAN

Komprehensibo ang RCEP dahil kasama sa kasunduan ang higit na pagpapaluwag ng kalakalan (trade) ng mga produkto at serbisyo, ang



higit na pagbubukas ng pamumuhunan (investment) sa mga dayuhan, ang negosyo sa internet, usapin sa pagluluwag ng mga regulasyon ng ekonomiya, kasama rin ang pagpapalakas ng proteksyon sa mga patents na hawak ng mga korporasyon para sa mga produktong gaya ng bakuna, gamot na mahalaga para sa kalusugan, at maging sa binhi para sa mga pananim.

Halos lahat ng produkto—mula sa produktong agrikultural gaya ng mga gulay, prutas, asukal, baboy, manok, at isda—ay sakop ng kasunduan gayundin ang iba pang produkto gaya ng armas, kotse, damit, sapatos, telebisyon, kompyuter, telepono, at iba pang gamit na elektroniko.

ANO ANG OBLIGASYON NG MGA KASAPI SA RCEP

Kapag kasama ka sa RCEP, inaasahan na ipatutupad mo ang mga sumusunod na alituntunin:

- 1. Magtanggap at magbaba ng taripa sa maraming mga produkto. Ang taripa ay ang buwis na ipinapataw sa mga inaangkat (imported) na produktong pumapasok sa ating merkado.**



IBIG SABIHIN:

- MALUWAG NA MAKAKAPASOK ANG PRODUKTONG IMPORTED
- KARANIWA'Y MAS MURA ANG IMPORTED AT NAGIGING MAHIGPIT NA KAKUMPITENSYA ANG MGA ITO NG LOKAL NA PRODUKTO
- AT SA HARAP NG PAGLIIT O PAGKAWALA NG KITA MULA SA LOKAL NA PRODUKSYON AY POSIBLENG PAGKALUGI NG MGA LOKAL NA NEGOSYONG NAKADEPENDE SA LOKAL NA PRODUKSYON, PAGESASARA NG MGA PABRIKA AT PAGKAWALA NG TRABAHO NG MGA MANGGAGAWA.

Hindi kasama ang BIGAS sa mga produktong bababaan ng taripa sa ilalim ng RCEP. Subalit dahil sa batas na Rice Trade Liberalization o RTL, ay dagsa na rin ang imported na bigas sa ating merkado. Ang pagpasok ng mas murang imported ba bigas ay tinulak pababa ang presyuhan ng palay, kung kaya't hirap na hirap ang mga magsasaka na kumita o makabawi man lang ng puhunan. Ang RCEP at RTL ay parehong nagtutulak ng polisiya ng importasyon.



2. Buksan ang kalakal sa serbisyo. Halimbawa, ang pagpayag na pumasok sa bansa ang mga dayuhang kumpanya sa serbisyong kuryente, tubig, edukasyon, pangkalusugan, industriya ng pagmimina, at iba pa.

IBIG SABIHIN:

- PAGPASOK NG MGA DAYUHANG KORPORASYON O DAYUHANG INVESTMENT SA MGA ESTRATEHIKONG INDUSTRIYA LALO NA SA PAMPUBLIKONG SERBISYO
- PAGSASAPRIBADO AT KOMERSYALISASYON NG MGA PAMPUBLIKONG SERBISYO AT IBA PANG ESTRATEHIKONG INDUSTRIYA NA DATI'Y EKSKLUSIBO LAMANG SA MGA PILIPINO

3. Buksan ang ekonomiya sa pagpasok ng mga dayuhang mamumuhunan.

IBIG SABIHIN:

- PAGLULUWAG NG MGA REGULASYON SA MGA KORPORASYON
- PAGPAPATUPAD NG DAGDAG NA INSENTIBO PABOR SA DAYUHANG KORPORASYON
- MAHIHIRAPAN SUMABAY ANG MGA MALILIIT NEGOSYONG PILIPINO NA UMUNLAD SA MGA INDUSTRIYANG PAPANUKIN NG MGA DAYUHANG MAMUMUHUNAN

4. Huwag magpatupad ng mga polisiya na nagtatakda ng rekisitos sa mga kumpanya kung ano ang pwede o ano ang hindi nila pwedeng gawin.

IBIG SABIHIN:

- LIMITADO ANG KAKAYAHAN NG GOBYERNO NA MAGTAKDA AT MAGPATUPAD NG MGA POLISIYA PARA SUPORTAHAN ANG PAG-UNLAD NG LOKAL NA EKONOMIYA O POLICY SPACE PARA MAKALABAN NANG PATAS ANG ATING LOKAL NA FOOD PRODUCERS AT MGA LOKAL NA NEGOSYO

5. Itaas ang antas ng proteksyon sa karapatang-sipi (copyright), patents, tatak pangkalakal (trademark), o mga intellectual property rights (IPR).

IBIG SABIHIN:

- MANANATILI ANG MATAAS NA PRESYO NG MGA GAMOT
- MAISASANTABI ANG KARAPATAN NG MGA MAGSASAKA SA BINHI



6. Siguruhin na ang mga batas natin ay sumasang-ayon sa ating mga obligasyon sa ilalim ng kasunduan.

IBIG SABIHIN:

- MAAARING BAGUHIN ANG SALIGANG BATAS AT IBA PANG MGA BATAS (PARTIKULAR IYONG MGA NAGPOPROTEKTA SA MGA LOKAL NA INDUSTRIYA AT PRODUKTO MULA SA HINDI PATAS NA KOMPETISYON LABAN SA MGA DAYUHANG NEGOSYO AT PRODUKTO) PARA MAIPATUPAD ANG MGA OBLIGASYON SA ILALIM NG KASUNDUAN

PAGBABA NG TARIPA

MAYROONG TATLONG KATEGORIYA NG OBLIGASYON KAUGNAY NG TARIPA

1. PAGTANGGAL NG TARIPA (TARIFF ELIMINATION)- MAY DALAWANG KATEGORIYA SA PAGTANGGAL TARIPA

CATEGORY A:

TATANGGALIN ANG TARIPA (IBABABA SA ZERO) SA UNANG ARAW NG IMPLEMENTASYON NG KASUNDUAN

CATEGORY C:

TATANGGALIN ANG TARIPA (IBABABA SA ZERO) PAGKATAPOS NG ILANG TAON

2. PAGBABA NG TARIPA

Sa ilang produkto na may klasipikasyong “HIGHLY SENSITIVE” (LUBHANG SENSITIBO) AT “SENSITIVE” (SENSITIBO) may obligasyon pa ring magbaba ng taripa ngunit hindi ito gagawing zero.

3. EXCLUSION LIST (WALANG OBLIGASYON NA MAGBABA NG TARIPA)

Halimbawa ng produktong tatanggalan at babawasan ng taripa

- Produktong isda gaya ng galunggong, sardinas, mackerel, at tuna. Kasama rin ang similya ng bangus at lapu lapu
- Produktong karne ng baka, sariwa at frozen
- Produktong gulay at prutas gaya ng patatas at saging

MGA IPAGBABAWAL NA POLISIYA

- Pagpabor sa mga manggagawang Pilipino
- Pagpabor sa paggamit ng mga lokal na input sa produksyon
- Pag-require sa mga kumpanya na magbahagi at turuan ang mga Pilipino sa teknolohiyang gamit nila

MAY NAPALA BA TAYO SA MGA GANITONG TIPONG KASUNDUAN?

Ang RCEP ay hindi ang unang pagkakataon na pumasok ang pamahalaan sa kasunduan para sa malayang kalakalan o free trade. Bahagi tayo ng 27 na kasunduan gaya nito – Japan-Philippines Economic Partnership Agreement o JPEPA, ang kasunduan kasama ang European Free Trade Association o EFTA, at ang mga kasunduan ng ASEAN kasama ang China, Japan, South Korea, India, Australia, at New Zealand. May ilan naman na patuloy ang negosasyon tulad ng sa EU-Philippines, at Korea-Philippines FTA. At ang iba naman ay pinag-aaralan pa gaya ng sa US, Mexico, Canada, Chile, at EU.


Dahil ang ASEAN ang nasa sentro raw ng RCEP, nakatungtong ito sa mga kasunduan na mayroon na ang ASEAN sa kanyang mga katuwang sa pag-unlad.

Mga Kasunduan ng ASEAN:

- ASEAN-China Free Trade Agreement
- ASEAN-Japan Free Trade Agreement
- ASEAN-Korea Free Trade Agreement
- ASEAN-India Free Trade Agreement
- ASEAN-Australia and New Zealand Free Trade Agreement

Sa ilalim ng mga kasunduang ito, ibinaba na ang mga taripa sa kalakhan ng mga produkto. Sa bisa ng kasunduan ng Pilipinas at Korea halimbawa, umabot na sa 99 porsyento ng mga produktong kalakal ang saklaw ng pagbaba ng taripa. Sa ilalim ng mga kasunduang ito, humigit kumulang 93 porsyento ng mga produkto mula sa Pilipinas ay nakaranas na ng pagbaba ng taripa.

Philippines: Trade balance of goods from 2010 to 2020
(in billion U.S. dollars)



Graphic mula sa <https://www.statista.com/statistics/578821/trade-balance-of-philippines/>

Balanse ng kalakalan o trade balance ang halaga ng mga produktong ating ineexport o iniluluwas sa ibang bansa minus ang halaga ng ating

mga imports o inaangkat mula sa labas. Ang positibong trade balance ay nangangahulugan na mayroon tayong “trade surplus,” samantalang ang negative trade balance naman ay nangangahulugan na mayroon tayong “trade deficit.”

Makikita sa graph na simula 2010 ay negatibo na ang ating trade balance. Noong 2020, ang trade deficit ng Pilipinas ay umabot sa halagang 26.89 bilyong dolyar. Sa madaling salita, sa ilalim ng rehimen ng malayang kalakalan, mas naging importer tayo kaysa exporter ng mga produkto.

BAKIT ITO TINUTUTULAN NG MGA MAMAMAYAN?

- Sekreto ang negosasyon
- Walang konsultasyon sa mga sektor, lalo na ang mga maaapektuhan
- Walang paghahanda
- Magtatali sa kamay ng pamahalaan na magpatupad ng mga polisiya, lalo na ang mga may kaugnayan sa pagtugon sa pandemya
- Lalala ang ating Balance of Trade. Mas tataas ang bilang ng mga imported na produktong papasok sa merkado natin, samantalang hindi naman tataas ang ating exports sa ibang bansa.
- Mawawalan ng kita ang pamahalaan mula sa pagbaba ng taripa na aabot sa 29 bilyong piso kada taon. Ang ganitong halaga ay maaari sanang gamitin para bakunahan pa ang 2 milyong Pilipino o makabili ng 1 milyon pang karagdagang personal protective equipment o PPEs para sa ating mga medical frontliners. Ang ganoong halaga ay pwede rin sanang magamit para bumili ng mga bagong smartphones para suportahan ang online learning ng 725,000 mga mag-aaral.





ANO ANG LAGAY NG RCEP SA KASALUKUYAN? MAYROON PA BANG PWEDENG GAWIN PARA HARANGIN ITO AT HINDI ITO MAIPATUPAD SA PILIPINAS?

Ipinatutupad na ang RCEP simula ng 1 Enero 2022 sa mga sumusunod na mga bansang nagsumite na ng kanilang mga dokumento kaugnay ng ratipikasyon at pagsang-ayon (concurrency): Brunei, Cambodia, Laos, Singapore, Thailand, at Vietnam na mga kasapi ng ASEAN; Australia, China, Japan at New Zealand.

Ipinatutupad na rin ang RCEP sa bansang Korea simula 1 Pebrero 2022, at ipapatutupad sa Malaysia simula sa buwan ng Marso.

Basbas ng Senado

Bagamat pinirmahan na ni Duterte ang kasunduan (ratipikasyon), wala pa itong basbas ng Senado.

Dahil ang RCEP ay isang pandaigdigang kasunduan o isang tratado, kailangang dumaan ito sa Senado para bigyan siya ng basbas o concurrence. Ang pagsama natin sa tratado ay nangangahulugan na ito ay magiging bahagi ng ating mga batas, at obligado tayong gampanan ang mga nakasaad dito.

Ang Komite para sa Ugnayang Panlabas (Committee on Foreign Relations) na pinamumunuan ni Sen. Aquilino “Koko” Pimentel III ang naatasang mag-aral, kumunsulta, at magbigay ng rekomendasyon sa buong kapulungan ng Senado. Noong ika-15 ng Disyembre 2021 ay lumabas ang ulat ng komite at ang draft ng Senate Resolution na nagrerekomenda na bigyang basbas ng Senado ang RCEP.

Sino ang mga Senador na pabor sa RCEP?

Ang mga miyembro ng Komite na pumirma sa report ay sina: Koko Pimentel, Francis Tolentino, Bato dela Rosa, Manny Pacquiao, Bong Go, Panfilo Lacson, Lito Lapid, Bong Revilla, Grace Poe, Win Gatchalian, at Ralph Recto

Ang mga miyembro ng komite na pumirma ngunit may reserbasyon: Migz Zubiri at Frank Drilon

Mga hindi pumirma sa report:

Richard Gordon, Joel Villanueva, Risa Hontiveros, Francis Pangilinan, at Leila De Lima

ANU-ANO ANG PWEDE PANG GAWIN?

1. Magpahayag ng oposisyon sa kasunduan. Maaring maglabas ng statement sa media o sumulat sa mga Senador.
2. Mag-organisa ng mga lokal na talakayan kaugnay ng RCEP at iba pang polisiyang hindi nakabubuti sa ating kabuhayan.
3. Sumama at mag-organisa ng mga lokal na pagkilos laban sa RCEP.

MGA PANAWAGAN:

- REJECT RCEP
- Uphold FOOD SOVEREIGNTY
- PROTEKTAHAN at SUPORTAHAN ang LOKAL na INDUSTRIYA at AGRIKULTURA
- RCEP KAMATAYAN SA LOKAL NA EKONOMIYA
- RCEP GANANSYA SA DAYUHAN at DAMBUHALANG KORPORASYON
- SENADO IPAGTANGGOL ang TAUMBAYAN hindi ang DAYUHAN
- INDUSTRIYALISASYON at MAUNLAD na AGRIKULTURA AT PANGISDAAN hindi LIBERALISASYON



**TRADE JUSTICE
PILIPINAS**

*Ang praymer na ito ay binuo ng
Trade Justice Pilipinas sa suporta ng 11.11.11.*

TRADE JUSTICE PILIPINAS

c/o Focus on the Global South

No. 19 Maginhawa Street, UP Village, Diliman, Quezon City
Telephone Number: +632 83552578; josephp@focusweb.org

Twitter: @justice_trade

Facebook: @TradeJusticePH